Tinig

OFFICIAL NEWSLETTER FOR SAN GUILLERMO PARISH

Volume I Issue I | 103 E. Mendoza Street, Buting, Pasig City | Maiden Issue - December 1-31, 2013

# #MAYPASKOPARIN

**"Tempus fugit" -- time flies! Napakabilis ng panahon at Pasko na naman. Kaya tuwing sasapit ang kapaskuhan, damang-dama na natin ang pusong Pinoy na mapagbigay. Pero bakit pa kinakailangang mapagbigay?**

**Puwede namang tumanggap na lamang. Subalit, para sa akin mas mainam na magbigay sapagkat ganito ang ipinakita ng Diyos Ama; ibinigay niya ang Kanyang bugtong na Anak na si Hesus para tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Isang regalong hindi kayang tumbasan ninuman pero kayang masundan at tularan. Isang pagbibigay na hindi humihingi ng kapalit sapagkat ito ay kusang loob ng Diyos para sagipin ang sanlibutan.**

**Kaya sa pagpasok ng Pasko sa taong ito, mabilis man ang pagdating at paglisan nito, subalit maiwan nawa sa puso ng bawat isa ang patuloy na mapagbigay, hindi humihingi ng kapalit o anuman.**

**Patnubayan nawa tayo ng ating mahal na patron, San Guillermo.**

**Maligayang Pasko at Mapagpalang Bagong Taon sa Inyong Lahat!**

**Fr. Bebot V. Catuiran**
**Kura Paroko**

nina Kyrie Eleison C. Lababo at Rowell-Anne C. Santos



*Isinagawa ng PPCRV Volunteers ang re-packing ng mga donasyon para sa mga biktima ng bagyong Yolanda sa Formation Center ng San Guillermo Parish.—kuha ni Sis. Mina Anore*

Iba-iba ang naging pananaw ng bawat isa hinggil sa delubyong Yolanda. May nakaramdam ng guilt dahil doon lamang nila napagtanto ang kanilang kalupitan sa kalikasan. Marami ang nawalan ng pag-asa at tanging sa Diyos umasa. Ang .pinakamalungkot, ay ang mga taong sinisisi ang Diyos sa mga nangyayari sa kanila: na ito ay binigay ng Diyos bilang isang malaking problema at parusa.

Bagamat nagkaroon ng iba't ibang saloobin ang mga Pilipino, hindi tumigil ang ating Panginoon sa pagpaparamdam na siya ay nananatili sa ating mga puso. Ginamit niyang instrumento ang iba't-ibang bansa, mga artista, mga pulitiko, mga may kayang tao at mga simpleng tao sa pagbibigay ng tulong sa napakaraming paraan. Ipinakita nila ang tunay na imahe ng pagbibigayan, lalo na ngayong nalalapit na kapaskuhan.

Kung may masamang naidulot si Yolanda, mayroon din naman itong magandang hatid. Una, napalabas nito ang diwa ng pagtutulungan. Tayong nasa Manila ay hindi talaga makakapunta doon dahil sa maraming dahilan at sagabal - sirang daan, walang masakyan at mga obligasyon na hindi madaling iwanan. Gumawa ng hakbang ng bawat isa, bata man o matanda. Ang pinakamadali ngunit pinakamakapangyarihan ay ang pagdarasal. Nahihiya man tayo pag sinasabi ito, ipinagdasal natin ang Pilipinas, lalo na ang mga taong naapektuhan ng bagyo. Ang pagdarasal ang pinakamadaling paraan upang makatulong at hindi tayo nag-hesitate na gawin yon. Marami rin sa atin ang bumili ng pang donate sa relief centers. May tumingin sa sariling kabinet upang tignan kung merong pwedeng magamit sa'ting mga damit. Meron ding naglabas ng kahit maliit na parte ng kanilang savings. Merong pumunta sa relief centers out of their free time at imbes na gumimik or mag-mall, ay nagrepack sila. In our own little way, nakatulong lahat! Isa pang magandang naidulot nito ay ang lalo tayong nakilala sa buong mundo: ang bansang nilukuban ng kamalasan ngayong taon.

——*sundan sa pahina 2*

# MUNTING KATESISMO

## MGA DAPAT MALAMAN NG MGA KATOLIKO UKOL SA ADBIYENTO

### ANO ANG ADBIYENTO?

Ang salitang Adbiyento ay nanggaling sa salitang Latin na *Advientus* na ang kahulugan ay "pagdating". Ang Panahon ng Adbiyento (na binubuo ng Apat na Linggo bago ang Kapaskuhan) ay panahon ng pananabik at paghahanda sa pagdating ng Panginoon. Dalawa ang pakahulugan ng panahong ito:



A. Ang pag-alaala sa Kapanganakan ng Mesiyas, si Hesus
B. Ang paghihintay sa muling pagbabalik ni Hesus sa mundo.

Ang Unang Linggo ng Adbiyento ay hudyat din ng pagsisimula ng panibagong kalendaryong panliturhiko ng Simbahan.

### PAANO ITO IPINAGDIRIWANG?

Ang panahong ito ay panahon din ng pagbabalik-loob at pagpapakabanal ng sarili. Ipinapayo ng Simbahan na ihanda natin ang ating mga sarili sa pamamagitan ng malimit na pananalangin, pangungumpisal at pag-aayuno.

Sa mga Banal na Misa sa Apat na Linggong ito, tampok ang pagsisindi ng kandila sa Korona ng Adbiyento o *Advent Wreath,* na may angkop na mga panalangin para sa bawat kandila. Iminumungkahi rin na ang bawat pamilya ay maglagay ng maliit na bersyon ng *Advent Wreath* sa kani-kaniyang mga tahanan.

### MGA SIMBOLO NG *ADVENT WREATH*

**A. HUGIS BILOG**: Sumasagisag sa walang hanggang Pag-ibig ng Diyos sa atin. Pag-ibig na walang simula at wakas. Pag-ibig na laan para sa lahat.; **B. ANG EVERGREEN:** Sumasagisag sa Pag-asa. Pag-asa na matatagpuan lamang sa Manunubos ng mundo. **C. ANG APAT NA KANDILA:** Ang mga taong hinirang sa lumang tipan ay naghintay nang 4000 taon sa pagdating ng Manunubos. Ang Apat na linggo ng Adbiyento ay sumasagisag ng paghahanda at pagmimithi sa Tagapaglistas. **D. ANG TATLONG LILANG (Purple) KANDILA:** Ang Lila ay sagisag ng pagsisi. Isang paalala na habang tayo'y naghihintay sa pagdating ng Manunubos, pagsisihan natin ang ating mga pagkakasala't pagkukulang. **E. ISANG KULAY ROSAS NA KANDILA:** Ang kulay rosas ay sagisag ng Kagalakan. Kagalakan sa nalalapit na pagdating ng Manunubos. **F. ANG MGA NAKASINDING KANDILA:** Sumsagisag na si HESUS ang Ilaw ng Sanlibutan. Ilaw na patuloy na gumagabay sa atin.

*( Advent Wreath Meaning Source: 100% Katolikong Pinoy! Online Page www.facebook.com/KatolikongPinoy)*

**"Pwede Po Bang Makituloy?"**

Hindi lingid sa kaalaman ng marami na every December 23 at 24 ay nakikita natin sina Mary at Joseph sa mga kalye. Si Mary, malaki na ang tiyan at si Joseph naman ay may dala-dalang tungkod at bitbit ang balot ng damit. Tuwang-tuwa tayong lahat, lalo na ang mga bata pag nakikita natin sila. May iba namang natatakot kung kaya't pumapasok muli sa loob ng bahay. 'Pag sila'y dumarating, ang feeling nati'y parang bumabalik tayo sa dating panahon kung saan nabuhay nga si Kristo. Parang kasali rin tayo sa mga pangyayari sa buhay Niya.

Dito sa Buting, sa ating Parokya ng San Guillermo, isang tradisyon tuwing darating ang Pasko ang tinatawag nating "Panunuluyan". Ito ay ang pagtatanghal ng paglalakbay nina Mary at Joseph mula sa Nazareth patungong Bethlehem upang maghanap ng matutuluyan at kung saan ipapanganak si Jesus. Sinimulan maraming taon na ang nakalipas mula sa panulat at pagsasayos ng yumaong G. Amando Yson, ang salitang "Panunuluyan"ay hango sa salitang-ugat na "tuloy" na isang magiliw na pag-anyaya o pagpapatuloy ng panauhin sa loob ng tahanan.

Ikaw ba, patutuluyin mo ba sila o hahayaan mo na lang silang manlamig at lalong mahirapan? Ito ang hamon sa atin sa makabagong panahon ngayon. Nawa'y maging bukas ang lahat ng ating mga tahanan upang sila'y papasukin at hayaang makapagpahinga.

—Rowell Anne C. Santos

**Disyembre 8**
**ANG IMMACULADA CONCEPCION**

Ipinagugunita sa atin ng pistang ito ang Kalinis-linisang Paglilihi kay Maria ang katotohanang ang kaluluwa ni Maria buhat pa nang lalangin ng Maykapal at isama sa kanyang katawan, sa tiyan pa lamang ng kanyang ina na si Santa Ana, ay di nabahiran ng salang mana (orihinal) na minamana ng lahat ng tao. Ang pistang ito na dating kilala sa pangalang "Paglilihi ni Santa Ana"ay galing sa mga taga-Silangan mula pa noong ikapitong dantaon; ito'y lumaganap sa Europa mula sa bansang Irlanda noong siglo-9. Ang araw na ipinagdiriwang ang katotohanang ito ay ika-8 ng Disyembre upang maka-ugnay ng ika-8 ng Setyembre, ang kapanganakan ng Birhen-siyam na buwan pagkaraan ng paglilihi sa kanya. Ipinalaganap sa buong daigdig ang pistang ito ni Papa Sixto IV noong 1476. Hinirang naman ni Haring Felipe IV ng Espanya na ito'y maging pistang pangilin sa bansang yaon.
Noong ika-8 ng Disyembre, 1854, sa harap ng 54 kardenal, 42 arsobispo, 92 obispo at ng di mabilang na debotong galing sa iba't-ibang panig ng daigdig, ay tiniyak at ipinag-utos ng Papa Pio IX ang pagsampalataya sa katotohanan o dogma ng Kalinis-linisang Paglilihi kay Maria (Immaculada Concepcion). Noong 1830 sa Paris, ipinahayag ng Birhen na "siya'y ipinaglihing di nagmana ng kasalanang orihinal" at sa kanya natupad ang pangako ng Diyos na yuyurakin ng isang babae ang ulo ng ahas. Sa bayan ng Lourdes, nasaksihan ng daigdig ang himala ng Birhen na nagsasabing siya ang "Immaculada Concepcion" noong 1858. Ang matamis na taguring ito ng Mahal na Ina, na siyang kauna-unahang biyayang tinanggap ni Maria sa Diyos, ay pintakasi ng ating Bayang Pilipinas.

-Talambuhay, pg. 400-401

*—#Maypasko (mula sa pahina 1)*

Pero mas nakilala tayo bilang bansang bumabangon matapos ang napakalaking dagok. Sa simula, nalulungkot, nawawalan ng pag-asa, pero matapos ang maikling panahon ay nakamove-on na kinakayang muling tumayo bagamat nangangailangan pa rin ng tulong mula sa labas ng bansa. Hindi nawawalan ng pag-asa ang mga Pinoy dahil sa matibay na pananalig sa ating Panginoon.

Isa mang malaking pagsubok ang ating nadaanan, huwag nating kalilimutan na mas malaki pa din ang pag-ibig sa atin ng Panginoong Maykapal. Hindi man magarbo, mas mabuti kung hindi natin kakalimutan na mayroon pa ring Pasko. Hindi importante ang handa at damit na bago. Ang mahalaga ay di dapat natin malimutan ang konsepto ng pag-ibig at pagbibigayan, lalo pa't ito ay araw ng kapanganakan ni Hesu Kristo.

**FOR COMMENTS & SUGGESTIONS**
**CONTACT US:**
103 E. Mendoza St., Buting, Pasig City
Landline: 642-8051
e-mail address:
sgp_media@yahoo.com
facebook.com/sanguillermopasig
www.sanguillermopasig.weebly.com



## Basic Ecclesial Communities

**Ano ba ang B.E.C.?**

**Basic Ecclesial Communities (B.E.C.)** ... Munting Simbahan ... Kawan ay ang pinakabuod ng makabagong uri ng pagiging simbahan na sinusulong ng Katolikong Simbahan.

· Batay sa pananalita ng ating Panginoong Hesukristo kay Pedro "Pakainin mo ang aking mga tupa." (Juan 21,17).

· "Dahil sa maraming himalang nagawa sa pamamagitan ng mga apostol, naghari sa lahat ng sumasampalataya at para sa lahat ang kanilang ari-arian. Ipinagbili nila ito, ang pinagbilhan ay ipinamahagi sa lahat ayon sa pangangailangan ng bawat isa. Araw-araw sila'y nagkakatipon sa templo, nagpipira-piraso ng tinapay sa kanilang tahanan at nagsasalu-salong masaya ang kalooban. Nagpupuri sila sa Diyos at kinalulugdan ng lahat ng bawat tao. Bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas." (Gawa 2:43-27)

Ang BEC ay masigasig na sinusubaybayan ng ating Kura Paroko, Fr. Bebot Catuiran, at si Tita Betty Rafael naman ang tumatayong coordinator nito.

Sa kasalukuyan, ang BEC sa ating Parokya at tinatawag na KAWAN.

Ito ay binubuo ng **8 sa Buting**:
St. Luke (Manggahan A) / St. Peter (Aliw) / Sta. Monica (Looban) / St. Jude ( Gitna) / St. Augustine (Manggahan B) /
St. Therese of the Child Jesus (Bukid) / St. Anne (Ilaya) / St. John the Baptist (Ausmolo)

**7 sa San Joaquin**:
St.. Gabriel (Austria, Blk. 3) / St. Michael (Austria Blk. 2) / St. Raphael (Austria Blk. 1) / St. Benedict (Concepcion) /
St. Matthew (Policarpio) / St. Bernard (Sa Bernardo) / St. Fr. Pio (Grand Monaco)

**1 sa Lexington**-St. Francis of Assisi;
**1 sa East Mansion**-St. Pedro Calungsod;

**6 sa Ulilang Kawayan**:
St. Lorenzo Ruiz (Villa Tupaz) / St. Anthony (Villa Concio) / Sta. Marta (Villa Munsod) / Sta. Clara (Villa Bernardo) /
St. Peregrine (Villa Capistrano) / St. Joseph (Villa Hernandez)

Kung kaya tayo ay may 23 kawan dito sa San Guillermo.

Ang maliliit na mga KAWAN ay binubuo ng 4 sangkap:

1. FELLOWSHIP o COMUNIO - pamumuhay bilang magkakapatid na magkakapitbahayan
- KAWAN DAY ginaganap 2 beses sa isang taon.

2. WORD OF GOD - pagninilay ng kawan sa mga Salita ng Diyos sa pamamagitan ng Bibliarasal..(Filipino Word, ibig sabihin ay pag-aaral ng Biblia, Pagdarasal, at pagkakaroon ng magandang asal. (Pinaghalong BIBLIA,+ASAL+DASAL)
-Bibliarasal - Lunes, Miyerkules, Biyernes ng bawat buwan.

3. BREAKING OF THE BREAD - pagsasalu-salong komunidad sa iisang Eukaristiya.
-Kawan Masses - Martes at Huwebes ng bawat buwan

4.KALOOB - (Kaloobang Alay sa Diyos at Buhay) ay isang programa ng ating Parokya tungkol sa pananalapi at pagkakaisa para sa ikauunlad ng pamayanang Kristiyano

Isa itong paanyaya sa bawat isang nasasakupan ng Parokya-maging indibidwal, pamilya, samahan, o kompanya na makilahok sa Gawain upang mapalago ang ating parokya, hindi lamang sa pinansyal na aspeto kundi pati na rin sa mga bagay na may kinalaman sa pagbuo ng pamilya at pamayanang sumasampalataya at nagtutulungan.

-Mina M. Anore

## 999 plus YOU

**(The official program of the San Guillermo Parish for the new construction of our parish church)**

1. **HOW TO BE A PART OF THIS PROJECT?**
   A. Please go to the parish office and ask a brochure of 999 plus you.
   B. Please sign the DONOR RESPONSE FORM and return it at the parish office.

2. **3 WAYS ON HOW TO DONATE**
   A. Option 1: (PRIMARY BRONZE LEAF) Php 10, 000.00 per year for three (3) consecutive years = Php 30, 000.00
   B. Option 2: (CORPORATE/ INSTITUTIONAL) Php 300, 000.00 (cash or in- kind) or more.
   C. Option 3: (SECONDARY BRONZE LEAF DONOR) – to be awarded to those who have given huge time and effort to the project; or who have brought in 30 or more Bronze Leaf donors.

3. **WE ARE LOOKING FOR ONE THOUSAND (1,000) FAMILIES DONATING FOR THIS PROJECT. PLEASE HELP BUILDING OUR CHURCH.**

4. **PLEASE PAY IN CHECK PAYABLE TO: RCBP-SAN GUILLERMO PARISH**

## OUR PARISH

**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN, JCL**
**Parish Priest**

**REV. FR. EDGAR DOLINA**
**Resident Guest Priest**

Schedule of Masses:

-San Guillermo Parish

**DAILY MASS (Tagalog):**

Mondays—6:00AM
Tuesdays—6:00PM
Wednesdays—6:00AM & 6:00PM
Thursdays—6:00PM
Fridays—6:00AM & 6:00PM
Saturdays—6:00AM & 6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

Sunday
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass); 9:00AM;
4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

-Chapels-

1) San Joaquin Chapel
Sundays – 7:30 AM and 6:00 PM
2) St. Francis of Assisi (Lexington)
(Englsih) Saturdays – 8:00 PM
(English) Sundays – 10:15 AM
3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)
Sundays – 4:30 PM
First Friday—7:30PM
4) San Pedro Calungsod (East Mansion)
3rd Sunday of the Month – (English) 10:30 AM

**SERVICES**

Confession
Wednesday & Friday—5:30PM
Baptism—Sunday—11:30AM
Wedding—kindly arrange with the parish office two months before the desired date
Sick Call—anytime
Blessing—by appointment
Funeral Mass—by appointment

**Devotions & Novenas**

Monday—Holy Trinity—5:00PM
Tuesday—San Lorenzo Ruiz—5:00PM
Wednesday—Our Lady of Perpetual Help—5:00PM
Thursday—Ina Poon Bato & San Guillermo de Maleval—5:00PM
Friday—Sacred Heart of Jesus–5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month—5:00PM
Saturday—Memorial of the Blessed Virgin Mary—6:00AM

**Parish Office Hours:**
**Tuesdays to Sundays – 8:00 AM to 5:00 PM**

## PARENTING

**Mary Ann B. Ochoa**

Ang pagpapalaki ng anak ay walang katapusan. Ito ang isa sa pinakamahalagang aspeto sa pagbuo ng pamilya. Maligaya ang mga magulang kung ang kanilang mga anak ay magagalang, nag-aaral ng mabuti, nagtutulungan sa oras ng pangagailangan, at tunay ang pagmamahalan sa isa't-isa.

Para tuloy-tuloy ang mahusay na pagsasamahan sa pamilya, magandang may open communication lines ang bawat isa. Isang venue para mangyari ito ay ang sabay-sabay ng pagkain ng lahat ng miyembro ng pamilya. Pero parang mahirap yata itong mangyari kung ang tatay at nanay ay parehong nagtatrabaho, iba-iba ang oras ng pasok sa trabaho at hindi pare-pareho ang schedule ng mga bata sa eskwela?

Pwera na lamang kung sa gabi ang oras ng trabaho ng magulang, ang pinaka-convenient na oras ng sabay-sabay na pagkain ay sa hapunan. Dapat ay uuwi sa tamang oras ng hapunan para makapagsalu-salo at magkwentuhan ng mga pangyayari sa trabaho at sa eskwela. Kapag normal na naatraso ng uwi ang ibang miyembro ng pamilya, maaring kumain ng konti ang nauunang dumarating para hindi malipasan ng gutom, at saka kakain ng sabay-sabay pagdating ng iba. Pwede ding kumain ng hapunan ang maagang dumarating, at mag-dessert na lamang para masabayan at maka-kwentuhan ang huling umuuwi.

Kapag mahirap talaga ang pagsasabayan sa hapunan, maglaan ng isang araw bawat lingo sa pagsasama-sama o sa pagba-bonding. Pwedeng sa bahay ito gawin, o kung may budget, ay kumain sa labas, kahit sa mga fast-food outlets na malapit sa bahay.

Meron pang paraan para magkaroon ng bonding time ang isang pamilya na kulang sa panahon ang bawat isa. Ang pagsu-supermarket ay isang magandang paraan. Siguraduhin lang ng magulang na may nakahandang shopping list para hindi lumampas sa budget ng pamilya, dahil ang mga bata ay mahilig na magturo o dumampot ng kahit anong bagay na gusto nila sa supermarket shelves. Malalaman lang ito ng magulang kapag nasa check-out counter at bayaran na! pagkatapos mag-supermarket ay pwedeng kumain sa food counters ng supermarket.

Ang magkakasamang pagsimba tuwing Linggo ay napakahalaga. Napakagandang tignan ang buong pamilya na nakaupong magkakatabi sa simbahan, tahimik na nakikinig ng Misa at nagdarasal, at nagbibigay galang sa isa't-isa twuing magbabatian ng "Peace". Talagang napakarami pang paraan ng pagbo-bonding ng pamilya.

Ito po ay pasimula ng isang magandang hangarin upang tayong mga taga-San Guillermo ay tulong-tulong na magkaroon ng ideya kung paano palalakihin ang ating mga anak. Marami pa pong susunod . . . ABANGAN!!

## PARISH EVENTS






**PILGRIMAGE OFAITH**
November 16, 2013







**CLOSING YEAR OF FAITH**
na ginanap sa Ynares complex sa ganap na 5pm - 3am noong Nob. 22, 2013

## MILESTONES

HAPPY BIRTHDAY!!



*Nov. 30*

*Janet Escarilla*



*Welcome to the Christian World!!*

FATIMA FRANCHESKA



HAPPY BIRTHDAY!!

*Dec. 10*

*Ludy Dimailig*